

**PAGSASALIN SA TAGALOG NG NOTE SA ADJUSTABLE NA RATE**

(30 Araw na Average na SOFR Index (Gaya ng Inilathala ng Federal Reserve Bank of New York)—Mga Rate Cap)

**TAGALOG TRANSLATION OF ADJUSTABLE RATE NOTE**

(30-day Average SOFR Index (As Published by the Federal Reserve Bank of New York)—Rate Caps)

**ABISO TUNGKOL SA PAGSASALIN SA TAGALOG**

Ang pagsasalang ito sa Tagalog ay hindi isang mabisang legal na dokumento, ibinibigay lang ito para sa kaginhawahan ng Borrower, at hindi ito kailanman maituturing na kontrata o anumang bahagi ng dokumento ng loan sa Ingles. Bagama't sinubukan ng Fannie Mae at Freddie Mac na tiyaking isa itong tumpak na pagsasalin ng dokumento ng loan sa Tagalog, hindi mananagot ang Fannie Mae o ang Freddie Mac sa anumang pagkakamali sa Tagalog na pagsasalin na ito o para sa anumang hindi pagkakaunawaan dahil sa mga pagkakaiba sa paggamit ng wika o diyalekto. Kung sakaling magkakaroon ng mga hindi pagkakatumag sa pagitan ng dokumento ng loan sa Ingles at sa pagsasalang ito sa Tagalog, mananaig ang ipinatupad na dokumento ng loan sa Ingles. Responsibilidad ng Borrower na ganap na maunawaan ang katangian at mga tuntunin ng mga obligasyon ng Borrower alinsunod sa nakasaad sa mga dokumento ng loan sa Ingles na lalagdaan niya sa pagsasara ng loan. Hindi dapat lagdaan ng Borrower ang pagsasalang ito. Bilang karagdagan, posibleng natanggap lang ng Borrower ang dokumentong ito ng loan bilang halimbawa ng isang tipikal na dokumento ng loan, at wala itong kaugnayan sa isang partikular na transaksyon sa loan. Kung ganito ang sitwasyon, ang dokumentong ito ay hindi puwedeng maging isang pagsasalin ng dokumento ng loan na ipapatupad ng Borrower sa panahong kukuha ang Borrower ng mortgage loan sa bahay.

**NOTICE REGARDING TAGALOG TRANSLATION**

This Tagalog translation is not a binding legal document, is being provided solely for the Borrower's convenience, and will not in any way be construed as a contract or any part of the English loan document. While Fannie Mae and Freddie Mac have attempted to ensure that this is an accurate Tagalog translation of the loan document, neither Fannie Mae nor Freddie Mac is liable for any inaccuracies in this Tagalog translation or for any misunderstandings due to differences in language usage or dialect. In the event of any inconsistencies between the English loan document and this Tagalog translation, the executed English loan document will govern. The Borrower assumes the responsibility for fully understanding the nature and terms of the Borrower's obligations as set forth in the English loan documents they sign at loan closing. The Borrower shall not sign this translation. In addition, the Borrower may have received this loan document solely as an example of a typical loan document, and not in connection with a specific loan transaction. If this is the case, this document may not be a translation of the loan document that the Borrower will execute at the time the Borrower obtains a home mortgage loan.

## NOTE SA ADJUSTABLE NA RATE

(30 Araw na Average na SOFR Index (Gaya ng Inilathala ng Federal Reserve Bank of New York)—Mga Rate Cap)

**NAGLALAMAN ANG NOTE NA ITO NG MGA PROBIYONG NAGPAPAHINTULOT NG MGA PAGBABAGO SA AKING INTEREST RATE AT SA AKING BUWANANG PAGBABAYAD. NILILIMITAHAN NG NOTE NA ITO ANG HALAGANG PUWEDENG MABAGO SA AKING ADJUSTABLE NA INTEREST RATE SA BAWAT PAGKAKATAON AT ANG MINIMUM AT MAXIMUM NA RATE NA DAPAT KONG BAYARAN.**

[Petsa ng Note]

[Lungsod]

[Estado]

[Address ng Pag-aari]

### 1. PANGAKO NG BORROWER NA MAGBAYAD

Kapalit ng loan na nagkakahalaga ng U.S. \$ \_\_\_\_\_ (ang “Principal”) na natanggap ko mula kay \_\_\_\_\_ (ang “Lender”), nangangako akong bayaran ang Principal, na may interes, ayon sa pag-aatas ng Lender. Gagawin ko ang lahat ng pagbabayad sa ilalim ng Note na ito sa currency ng U.S. nang nasa cash, tseke, money order, o iba pang paraan ng pagbabayad na tinatanggap ng Lender.

Nauunawaan kong puwedeng i-transfer ng Lender ang Note na ito. Tatawaging “May-ari ng Note” ang Lender o ang sinumang makakakuha sa Note na ito sa pamamagitan ng pag-transfer, at na may karapatang makatanggap ng bayad sa ilalim ng Note na ito.

### 2. INTERES

Maniningil ng interes sa hindi pa nababayaranang Principal hanggang sa mabayaran ang kabuuang halaga ng Principal. Magbabayad ako ng interes sa taunang rate na \_\_\_\_\_%. Magbabago ang interest rate na babayaran ko alinsunod sa Seksyon 4 ng Note na ito.

Ang interest rate na iniaatas ng Seksyon 2 at Seksyon 4 ng Note na ito ay ang rate na babayaran ko bago at matapos ang anumang default na inilalarawan sa Seksyon 7(B) ng Note na ito.

### 3. MGA PAGBABAYAD

#### (A) Oras at Lugar ng Mga Pagbabayad

Babayaran ko ang principal at interes sa pamamagitan ng pagbabayad bawat buwan. Tatawagin ang halagang ito na aking “Buwanang Pagbabayad.”

Gagawin ko ang aking Buwanang Pagbabayad sa unang araw ng bawat buwan simula sa \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_. Gagawin ko ang mga pagbabayad na ito bawat buwan hanggang sa mabayaran ko ang lahat ng Principal at interes at iba pang singil na inilalarawan sa ibaba na posibleng hindi ko pa nababayaran sa ilalim ng Note na ito. Ilalapat ang bawat Buwanang Pagbabayad sa nakaiskedyul na takdang petsa nito, at ilalapat ito sa interes bago sa Principal. Kung sa \_\_\_\_\_, \_\_\_\_ ay mayroon pa rin akong hindi nababayaran sa ilalim ng Note na ito, babayaran ko ang mga halagang iyon sa petsang iyon, na tatawaging “Petsa ng Maturity.”

Gagawin ko ang aking Mga Buwanang Pagbabayad sa \_\_\_\_\_ o sa ibang lugar kung iaatas ng May-ari ng Note.

**(B) Halaga ng Aking Mga Paunang Buwanang Pagbabayad**

Ang bawat isa sa aking paunang Buwanang Pagbabayad ay magkakahalaga ng U.S. \$\_\_\_\_\_. Puwedeng magbago ang halagang ito. Hindi kasama sa halaga ng bayad na ito ang anumang buwis sa Pag-aari, insurance, o iba pang singil na posibleng pabayaran sa akin bawat buwan.

**(C) Mga Pagbabago sa Buwanang Pagbabayad**

Ipakita ng mga pagbabago sa aking Buwanang Pagbabayad ang hindi pa nababayaranang Principal ng aking loan at sa interest rate na dapat kong bayaran. Tutukuyin ng May-ari ng Note ang aking bagong interest rate at ang nabagong halaga sa aking Buwanang Pagbabayad alinsunod sa Seksyon 4 ng Note na ito.

**(D) Pagtanggap at Aplikasyon ng Mga Partial na Pagbabayad**

Nauunawaan ko na ang May Hawak ng Note ay maaaring tumanggap, at maaaring gumamit o humawak ng mga partial na pagbabayad sa sarili nitong paghuhusga at ang May Hawak ng Note ay hindi obligadong tanggapin ang anumang partial na pagbabayad o maglapat ng anumang partial na pagbabayad sa panahong nakuha o natanggap ang mga naturang pagbabayad. Hindi obligado ang May Hawak ng Note na magbayad ng interes sa mga hindi nailapat na pondo at maaari siyang humawak ng mga hindi nailapat na pondo hanggang sa makapagbayad ako nang sapat para mabuo ang Buwanang Pagbabayad. Kung hindi pa nagagamit dati, ang mga partial na pagbabayad ay ibabawas sa kabuuang halagang dapat kong bayaran sa ilalim ng Note na ito sa pagkalkula sa halagang dapat bayaran sa anumang pagdinig para ipatupad ang Note na ito.

**4. MGA PAGBABAGO SA INTEREST RATE AT BUWANANG PAGBABAYAD**

**(A) Mga Petsa ng Pagbabago**

Ang interest rate na babayaran ko ay maaaring magbago sa unang araw ng \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_, at sa unang araw ng buwan kada ika-6 na buwan pagkatapos nito. Ang bawat petsa kung kailan puwedeng magbago ang aking interest rate ay tinatawag na “Petsa ng Pagbabago.”

**(B) Ang Index**

Simula sa unang araw ng Petsa ng Pagbabago, ibabatay ang aking interest rate sa isang Index na kakalkulahan at ibibigay sa pangkalahatang publiko ng isang administrator (ang “Administrator”). Ang “Index” ay isang benchmark, na tinatawag na 30 araw na Average na SOFR index. Ang Index ay kasalukuyang inilalathala ng Federal Reserve Bank of New York. Ang pinakabagong value ng Index na available sa petsa 45 araw bago ang bawat Petsa ng Pagbabago ay tatawaging “Kasalukuyang Index,” basta’t kung wala pang zero ang Kasalukuyang Index ay ituturing itong zero para sa mga layunin sa pagkalkula ng aking interest rate.

Kung hindi na available ang Index, papalitan ito ayon sa Seksyon 4(G) sa ibaba.

**(C) Pagkalkula sa Mga Pagbabago**

Bago ang bawat Petsa ng Pagbabago, kakalkulahan ng May-ari ng Note ang aking bagong interest rate sa pamamagitan ng pagdaragdag ng \_\_\_\_\_ (na) percentage point (\_\_\_\_\_% ) (ang “Margin”) sa Kasalukuyang Index. Posibleng magbago ang Margin kung papalitan ng May-ari ng Note ang Index alinsunod sa Seksyon 4(G)(2) sa ibaba. Pagkatapos noon ay ira-round off ng May-ari ng Note ang resulta ng Margin, kasama ang Kasalukuyang Index sa pinakamalapit na one-eighth ng isang percentage point (0.125%). Depende sa mga limitasyong nakasaad sa Seksyon 4(D) sa ibaba, ang na-round off na halagang ito ang magiging bagong interest rate ko hanggang sa susunod na Petsa ng Pagbabago.

Tutukuyin ng May-ari ng Note ang halaga ng Buwanang Pagbabayad na kailangan para mabayaran ang hindi pa nababayaranang Principal na inaasahang magiging utang ko sa Petsa ng Pagbabago sa Petsa ng Maturity sa aking bagong interest rate, na nasa magkakatumas na pagbabayad. Ang resulta ng pagkalkulang ito ang magiging bagong halaga ng aking Buwanang Pagbabayad.

**(D) Mga Limitasyon sa Mga Pagbabago sa Interest Rate**

Ang interest rate na kailangan kong bayaran sa unang Petsa ng Pagbabago ay hindi magiging mas mataas sa \_\_\_\_\_% o mas mababa sa \_\_\_\_\_. Ang aking interest rate ay hindi kailangan tataasan o babawasan sa anumang iisang Petsa ng Pagbabago nang mahigit sa isang percentage point (1.0%) mula sa rate ng interes na binabayaran ko sa nakalipas na 6 na buwan, at hindi kailanman magiging mas mataas sa \_\_\_\_\_% o mas mababa sa \_\_\_\_\_%.

**(E) Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa ng Mga Pagbabago**

Magkakaroon ng bisa ang aking bagong interest rate sa bawat Petsa ng Pagbabago. Babayaran ko ang halaga ng aking bagong Buwanang Pagbabayad simula sa petsa ng unang Buwanang Pagbabayad pagkalipas ng Petsa ng Pagbabago hanggang sa magbago ulit ang aking Buwanang Pagbabayad.

**(F) Abiso sa Mga Pagbabago**

Maghahatid o magpapadala sa akin ang May-ari ng Note, sa pamamagitan ng koreo, ng abiso para sa anumang pagbabago sa aking interest rate at halaga ng aking Buwanang Pagbabayad bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng anumang pagbabago. Ang abiso ay kabibilangan ng impormasyong iniaatas ng batas na ibigay sa akin, at ng posisyon at numero ng telepono ng taong sasagot sa anumang tanong na posibleng mayroon ako kaugnay ng abiso.

**(G) Replacement Index at Replacement Margin**

Ituturing na hindi na available at papalitan ang Index kung magyayari ang alinman sa mga sumusunod na event (kung saan “Replacement Event” ang bawat isa): (i) permanente nang inihinto ng Administrator ang pagbibigay sa Index sa pangkalahatang publiko o inihinto niya ito nang walang takdang petsa ng pagtatapos; o (ii) maglalabas ang Administrator o ang regulator nito ng opisyal na pampublikong pahayag na nagsasabing hindi na maaasahan o representative ang Index.

Kung magkakaroon ng Replacement Event, pipili ang May-ari sa Note ng bagong index (“Replacement Index”) at puwede rin siyang pumili ng bagong margin (“Replacement Margin”), sa sumusunod na paraan:

(1) Kung may replacement index na napili o inirekomenda para sa paggamit sa mga pang-consumer na produkto, kasama ang mga residensyal na mortgage na may adjustable na rate, ang Lupon ng Mga Gobernador ng Federal Reserve System, Federal Reserve Bank of New York, o isang komiteng ineendorso o binubuo ng Lupon ng Mga Gobernador ng Federal Reserve System o Federal Reserve Bank of New York sa panahon ng Replacement Event, pipiliin ng May-ari ng Note ang index na iyon bilang Replacement Index.

(2) Kung walang replacement index na napili o inirekomenda para sa paggamit sa mga pang-consumer na produkto sa ilalim ng Seksyon (G)(1) sa panahon ng Replacement Event, gagawa ang May-ari ng Note ng makatuwirang pagsisikap na may mabuting hangarin para pumili ng Replacement Index at Replacement Margin na, kapag pinagsama, makatuwirang inaasahan ng May-ari ng Note na magmi-minimize sa anumang pagbabago sa gastusin sa loan, nang isinasaalang-alang ang dating performance ng Index at Replacement Index.

Ang Replacement Index at Replacement Margin, kung mayroon, ay mag-o-operate kaagad kapag may Replacement Event at gagamitin para matukoy ang aking interest rate at ang Mga Buwanang Pagbabayad sa Mga Petsa ng Pagbabago na mahigit 45 araw na pagkatapos ng isang Replacement Event. Puwedeng palitan ang Index at Margin nang mahigit sa isang beses sa termino ng aking Note, pero kapag nagkaroon lang ng iba pang Replacement Event. Pagkatapos ng Replacement Event, ang lahat ng pagbanggit sa “Index” at “Margin” ay ituturing na mga pagbanggit sa “Replacement Index” at “Replacement Margin.”

Bibigyan rin ako ng may-ari ng Note ng abiso tungkol sa aking Replacement Index at Replacement Margin, kung mayroon, at ng iba pang impormasyong iniaatas ng naaangkop na batas at regulasyon.

## 5. KARAPATANG PAUNANG MAGBAYAD NG BORROWER

May karapatan akong bayaran ang principal anumang oras bago ang takdang petsa. Ang pagbabayad ng principal lang ay tinatawag na “Paunang Pagbabayad.” Kapag maaga akong nagbayad, aabisuhan ko ang May-ari ng Note sa pamamagitan ng pagsulat. Posibleng hindi ko italaga ang isang bayad bilang Paunang Pagbabayad kung hindi ko nabayaran ang lahat ng Buwanang Pagbabayad na dapat bayaran sa ilalim ng Note na ito.

Puwede akong gumawa ng buong Paunang Pagbabayad o mga hindi buong Paunang Pagbabayad nang hindi nagbabayad ng singil sa Paunang Pagbabayad. Gagamitin ng May-ari ng Note ang aking Mga Paunang Pagbabayad para mabawasan ang halaga ng Principal na kailangan kong bayaran sa ilalim ng Note na ito. Gayunpaman, posibleng ilapat ng May-ari ng Note ang aking Paunang Pagbabayad sa naipon at hindi pa nababayaranang interes sa halaga Paunang Pagbabayad, bago ilapat ang aking Paunang Pagbabayad para mabawasan ang halaga ng Principal ng Note. Kung gagawa ako ng hindi buong Paunang Pagbabayad, walang magiging pagbabago sa takdang petsa ng aking Buwanang Pagbabayad maliban na lang kung sasang-ayon ang May-ari ng Note, sa pamamagitan ng pagsulat, sa mga pagbabagong iyon. Posibleng mabawasan ng aking hindi buong Paunang Pagbabayad ang halaga ng aking Mga Buwanang Pagbabayad pagkalipas ng unang Petsa ng Pagbabago kasunod ng aking hindi buong Paunang Pagbabayad. Gayunpaman, puwedeng ma-offset ng pagtaas sa interest rate ang anumang pagbabawas dahil sa aking hindi buong Paunang Pagbabayad.

## 6. MGA SINGIL SA LOAN

Kung itatakda ng naaangkop na batas ang mga pinakamalaking singil sa loan, at ipapakahulugan ang batas na iyon para malampasan ng interes o iba pang singil sa loan na nakolekta o kokolektahin kaugnay ng loan ang mga pinapayagang limitasyon, (a) ang anumang nasabing singil sa loan ay babawasan ng halagang kinakailangan para mabawasan ang singil sa pinapayagang limitasyon, at (b) ang anumang halagang nakolekta na mula sa akin at lampas sa mga pinapayagang limitasyon ay ire-refund sa akin. Puwedeng piliin ng May-ari ng Note na gawin ang refund na ito sa pamamagitan ng pagbabawas sa Principal na dapat kong bayaran sa ilalim ng Note na ito o sa pamamagitan ng direktang pagbabayad sa akin. Kung mababawasan ng pag-refund ang Principal, ang kabawasan ay ituturing na hindi buong Paunang Pagbabayad.

## 7. HINDI PAGBABAYAD NG BORROWER AYON SA INAATAS

### (A) Mga Singil para sa Nahuling Pagbabayad para sa Mga Overdue na Bayad

Kung hindi natanggap ng May-ari ng Note ang buong halaga ng anumang Buwanang Pagbabayad sa pagtatapos ng \_\_\_\_\_ (na) araw na kalendaryo pagkalipas ng takdang petsa, magbabayad ako ng singil para sa nahuling pagbabayad sa May-ari ng Note. Ang halaga ng singil ay \_\_\_\_\_% ng aking overdue na Buwanang Pagbabayad. Babayaran ko kaagad ang singil na ito para sa nahuling pagbabayad pero nang isang beses lang para sa bawat nahuling pagbabayad.

### (B) Pagkaka-default

Kung hindi ko babayaran ang buong halaga ng bawat Buwanang Pagbabayad sa takdang petsa nito, made-default ako.

### (C) Abiso sa Pagkaka-default

Kung na-default ako, puwede akong padalhan ng May-ari ng Note ng nakasulat na abisong nagsasabing kung hindi ko mababayaran ang overdue na halaga sa partikular na petsa, puwede akong atasan ng May-ari ng Note na bayaran kaagad ang buong halaga ng hindi pa nababayaranang Principal, lahat ng interes na dapat kong bayaran sa halagang iyon, at iba pang singil na iniaatas sa ilalim ng Note na Ito (ang “Default na Balanse”). Ang petsang iyon ay hindi dapat bababa sa 30 araw mula sa petsa kung kailan ipinadala o inihatid sa akin ang abiso sa iba pang paraan.

**(D) Walang Waiver ng May-ari ng Note**

Kung na-default ako at hindi ako inaatasan ng May-ari ng Note na bayaran kaagad ang Default na Balanse ayon sa inilarawan sa itaas, may karapatan pa rin ang May-ari ng Note na gawin ito kung patuloy akong made-default o kung made-default ako sa ibang pagkakataon.

**(E) Pagbabayad sa Mga Bayarin at Gastusin ng May-ari ng Note**

Kung inatasan ako ng May-ari ng Note na bayaran kaagad ang Default na Balanse ayon sa inilarawan sa itaas, may karapatan ang May-ari ng Note na mabayaran ko para sa lahat ng bayarin at gastusin nito sa pagpapatupad sa Note na ito hanggang sa sukdulang pinapahintulutan ng naaangkop na batas. Kasama sa mga bayaring iyon ang, halimbawa, mga makatuwirang bayarin at gastusin sa mga abugado.

**8. PAGBIBIGAY NG MGA ABISO**

**(A) Abiso sa Borrower**

Maliban kung may iaatas na ibang paraan ang naaangkop na batas, ang anumang abiso na dapat ibigay sa akin sa ilalim ng Note na ito ay ibigay sa pamamagitan ng paghahatid nito, o pagpapadala nito sa pamamagitan ng first class mail, sa Address ng Pag-aari sa itaas o sa ibang address kung bibigyan ko ang May-ari ng Note ng abiso tungkol sa iba kong address. Aabisuhan ko kaagad ang May-ari ng Note tungkol sa anumang pagbabago sa aking pisikal na address o papadalhang address. Maliban na lang kung iba ang iniaatas ng naaangkop na batas, posibleng magpadala ng abiso sa pamamagitan ng e-mail o iba pang electronic na komunikasyon kung sumang-ayon ako at ang May-ari ng Note sa pamamagitan ng pagsulat at kung ibinigay ko sa May-ari ng Note ang kasalukuyan kong e-mail address o iba pang electronic na address. Kung napagkasunduan namin ng May-ari ng Note na puwedeng magbigay ng abiso sa pamamagitan ng e-mail o iba pang electronic na komunikasyon, aabisuhan ko kaagad ang May-ari ng Note tungkol sa anumang pagbabago sa aking e-mail address o iba pang electronic na address.

**(B) Abiso sa May-ari ng Note**

Ang anumang abiso na dapat kong ibigay sa May-ari ng Note sa ilalim ng Note na ito ay ihahatid sa pamamagitan ng first class mail sa May-ari ng Note sa address na nakasaad sa Seksyon 3(A) sa itaas o sa ibang address kung binigyan ako ng abiso tungkol sa ibang address na iyon.

**9. MGA OBLIGASYON NG MGA TAO SA ILALIM NG NOTE NA ITO**

Kung mahigit sa isang tao ang lalagda sa Note na ito, ang bawat isa ay ganap at personal na maoobligang tumupad sa lahat ng ipinangako sa Note na ito, pati sa pangakong bayaran ang buong halaga ng pagkakautang. Ang sinumang guarantor, surety, o endorser ng Note na ito ay obligado ring gawin ang mga bagay na ito. Ang sinumang aako sa mga obligasyong ito, pati sa mga obligasyon ng isang guarantor, surety, o endorser ng Note na ito, ay maoobligang ring tumupad sa lahat ng ipinangako sa ilalim ng Note na ito. Posibleng ipatupad ng May-ari ng Note ang mga karapatan nito sa ilalim ng Note na ito laban sa bawat tao sa indibidwal na paraan o nang magkakasama. Ibig sabihin, puwedeng atasan ang sinuman sa amin na bayaran ang buong halagang hindi pa nababayaran sa ilalim ng Note na ito.

**10. MGA WAIVER**

Wine-waive ko at ng iba pang taong may mga obligasyon sa ilalim ng Note na ito ang mga karapatan sa Presentment at Notice of Dishonor. Ang “Presentment” ay tumutukoy sa karapatang atasan ang May-ari ng Note na i-demand ang mga halagang dapat bayaran. Ang “Notice of Dishonor” ay tumutukoy sa karapatang atasan ang May-ari ng Note na abisuhan ang iba pang taong may mga hindi pa nababayarang halaga.

## 11. UNIFORM NA SECURED NA NOTE

Ang Note na ito ay isang uniform na instrument na may mga limitadong variation sa ilang hurisdiksyon. Bukod sa mga proteksiyong ibinigay sa May-ari ng Note sa ilalim ng Note na ito, pinoprotektahan ng Mortgage, Mortgage Deed, Deed of Trust, o Security Deed, ayon sa pag-amyenda ng Rider ng Adjustable na Rate (“Security Instrument”), na may petsang pareho sa petsa ng Note na ito, ang May-ari ng Note mula sa mga posibleng pagkalugi na puwedeng magresulta kung hindi ko matutupad ang mga ipinangako ko sa Note na ito. Inilalarawan din ng Security Instrument na iyon kung paano at sa anong mga kundisyon ako puwedeng atasan na bayaran kaagad ang lahat ng halagang dapat kong bayaran alinsunod sa Note na ito. Ang ilan sa mga kundisyong iyon ay inilalarawan sa ganitong paraan:

Kung ang lahat ng o ang anumang bahagi ng Pag-aari o Interes sa Pag-aari ay maibebenta o mata-transfer (o kung hindi natural na tao ang Borrower at may maibebenta o mata-transfer na kapaki-pakinabang na interes sa Borrower) nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng Lender, puwedeng agarang pabayaran ng Lender nang buo ang lahat ng halagang secured ng Security Instrument na ito. Gayunpaman, hindi gagamitin ng Lender ang opsyong ito kung ipinagbabawal ng Naaangkop na Batas ang paggamit nito. Hindi rin gagamitin ng Lender ang opsyong ito kung (a) magsusumite ang Borrower ng impormasyon sa Lender na kinakailangan ng Lender para masuri ang nilalayong transferee, na para bang gumagawa ng bagong loan sa transferee, at (b) makatuwirang matutukoy ng Lender na hindi maapektuhan ng assumption sa loan ang security ng Lender at na katanggap-tanggap sa Lender ang posibilidad na ma-breach ang anumang covenant o kasunduan sa Security Instrument na ito.

Hanggang sa sukdulang pinapahintulutan ng Naaangkop na Batas, puwedeng maningil ang Lender ng makatuwirang halaga bilang kundisyon ng pagpapahintulot ng Lender sa assumption sa loan. Puwede ring atasan ng Lender ang transferee na lumagda ng kasunduan sa assumption na katanggap-tanggap sa Lender at nag-oobliga sa transferee na tumupad sa lahat ng pangako at kasunduan sa Note at sa Security Instrument na ito. Patuloy na maoobliga ang Borrower sa ilalim ng Note at ng Security Instrument na ito maliban na lang kung ire-release ng Lender ang Borrower sa pamamagitan ng pagsulat.

Kung gagamitin ng Lender ang opsyong ito para makakuha ng agarang pagbabayad nang buo, bibigyan ng Lender ang Borrower ng notice of acceleration. Magbibigay ang abiso ng hindi bababa sa 30 araw mula sa petsa kung kailan ibinigay ang abiso alinsunod sa Seksyon 16 kung saan dapat bayaran ng Borrower ang lahat ng halagang na-secure ng Security Instrument na ito. Kung hindi mababayaran ng Borrower ang mga halagang ito bago lumipas ang o pagkalipas ng panahong ito, puwedeng gamitin ng Lender ang anumang remedyong pinapahintulutan ng Security Instrument na ito nang walang higit pang abiso o demand sa Borrower at puwede niyang singilin ang lahat ng magagastos sa paggamit sa mga nasabing remedyo, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa: (a) mga makatuwirang bayarin at gastos sa mga abugado; (b) bayad sa inspeksyon at valuation ng Pag-aari; at (c) iba pang bayad para maprotektahan ang Interes sa Pag-aari at/o mga karapatan ng Lender sa ilalim ng Security Instrument na ito.

## 12. MGA BAYARIN SA ABUGADO

Alinsunod sa New Hampshire Revised Statutes Annotated § 361-C:2, kung sakaling ang Borrower ang mananaig sa (a) anumang aksyon, demanda, o pagdinig na inihain ng Lender, o (b) aksyong inihain ng Borrower, bibigyan ng mga makatuwirang bayarin sa abugado ang Borrower. Bilang karagdagan, kung matagumpay na maigigiit ng Borrower ang isang partial na depensa o set-off, recoupment, o counterclaim laban sa isang aksyong inihain ng Lender, puwedeng i-withhold ng korte mula sa Lender ang kabuuang halaga o naturang bahagi ng bayarin nito sa abugado, depende sa kung ano ang magiging makatuwiran ayon sa korte.

MAGING SAKSI SA (MGA) KAMAY AT (MGA) SELYO NG NAKALAGDA.

\_\_\_\_\_ (Selyo)  
-Borrower

\_\_\_\_\_ (Selyo)  
-Borrower

\_\_\_\_\_ (Selyo)  
-Borrower

[Orihinal Lang ang Lagdaan]